



Pagpapalawak ng Medi-Cal sa Mas Matandang May Sapat na Gulang

Simula Mayo 1, 2022, ang lahat ng residente ng Alameda County na may edad 50 o mas matanda at nakakatugon sa lahat ng pamantayan sa pagiging kwalipikado sa Medi-Cal ay makakakuha ng buong benepisyong sa Medi-Cal, anuman ang katayuan sa imigrasyon!



Ano ang buong benepisyong ng Medi-Cal?

Ang Medi-Cal ay pampublikong programa sa pangkalusugang insurance na nagbibigay ng libre o murang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga kwalipikadong residente ng California.

Kabilang sa buong benepisyong ng Medi-Cal ang:

- Pang-emergency na pangangalaga sa kalusugan
- Mga regular na check-up
- Pangangalaga sa medikal, dental, kalusugan ng isip, paningin, at pag-paplano ng pamilya,
- Paggamot sa pag-abuso sa pag-gamit ng droga, gamot sa sakit, alkohol at iba pa
- Mga reseta



Kabilang sa mga dagdag na benepisyong ang transportasyon papunta at pabalik sa doktor, dental, at mga pagbisita sa botika para sa pagkuha ng reseta. Ang doktor na pangunahing nangangalaga ay maaari ding magbigay ng mga espesyal na medikal referral kung kinakailangan.



Ang pagpapatala sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay nagbibigay ng access sa isang network ng mga doktor na sumasaklaw sa hanay ng mga serbisyong medikal.

Alamin ang higit pa, kabilang ang paraan ng pag-apply

Isinusulong ang pang-ekonomiya at panlipunang kaayusan ng indibidwal, pamilya, kapitbahayan, at komunidad

Ako ay 50 o mas higit pa (o magiging 50 sa Mayo 2022). Ano ang kailangan kong gawin?

Kung ikaw ay may edad 50 o mas higit pa at may limitadong benepisyo ng Medi-Cal kagaya ng emergency Medi-Cal lamang, awtomatiko kang makakakuha ng buong benepisyo ng Medi-Cal simula Mayo 1, 2022.

Kung ikaw ay may edad na 50 o mas higit pa o magiging 50 sa anumang araw sa Mayo 2022 at WALANG tinatanggap na benepisyo ng Medi-Cal ng anumang uri , maaari kang maging kwalipikado para sa buong benepisyong saklaw ng Medi-Cal simula Mayo 1, 2022.

Kung ikaw ay wala pang 49 ½ nitong Hunyo 1, 2022 o pagkatapos , maaari kang maging kwalipikado para sa limitadong benepisyo ng Medi-Cal. Kapag ikaw ay naging 50 na, magsisimula kang makatanggap ng buong saklaw ng Medi-Cal nang hindi kinakailangang mag-apply muli (para sa mga tumatanggap na ng limitadong Medi-Cal).

Para sa iba pang impormasyon, tingnan ang FAQ sa Pagpapalawak sa Mas Matandang May Sapat na Gulang sa: <https://www.alamedacountysocialservices.org/acssa-assets/PDF/OAE-FAQ-TAG.pdf>

Paano mag-a-apply:

Mag-aply online sa www.mybenefitscalwin.org.

Mag-apply sa telepono (510) 272-3663.

Pumunta nang personal o i-mail ang aplikasyon sa alinman sa aming mga opisina:

North County Self-Sufficiency Center
2000 San Pablo Ave.
Oakland, CA 94612

Eden Area Multi-Service Center
24100 Amador St.
Hayward, CA 94544

Eastmont Self-Sufficiency Center
6955 Foothill Blvd., Suite 100
Oakland, CA 94605

Livermore Self-Sufficiency Center
2499 Constitution Drive
Livermore, CA 94551

Enterprise Self-Sufficiency Center
8477 Enterprise Way
Oakland, CA 94621

Fremont Office
39155 Liberty St., Suite C330
Fremont, CA 94536

Oras ng Opisina:

Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am - 5:00 pm

Ipatatupad ang nalalapat na social distancing at kinakailangang pagsunod sa pagsuot ng mask.



For more information:

510-263-2420 or 1 (888) 999-4772

www.AlamedaCountySocialServices.org